وزارة الصحة
Ministry of Health

Philippines

Public Awareness Campaign to Combat Coronavirus (COVID-19)

**Para sa lahat ng mamamayan at residente Kailangan sundin ang mga sumusunod na patakaran para sa self-isolation sa loob ng labing apat (14) na araw, kung sakaling babalik galing sa isa sa mga bansang may matataas na kaso ng Coronavirus (COVID-19)**

- Iwasang makihalubilo sa ibang tao sa pamamagitan ng paghihiwalay sa sarili sa isang tukoy na silid at paggamit ng hiwalay na banyo
- Iwasang ibahagi ang mga personal na kagamitan sa bahay tulad ng plato, tasa, kubyertos, tuwalya, o ang pagtabi sa pagtulog
- Magsuot ng facemask kapag may kasamang ibang tao o ang mga alaga
- Takpan ang bibig ng tissue kapag uubo o babahing at siguraduhin na ang ginamit na tissue ay itatapon sa saradong basurahan; maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig o hugasan ang mga kamay gamit ang alcohol-based na sanitizer pagkatapos bumahing
- Palaging maghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig o alcohol-based hand sanitizer
- Kapag nakaramdam ng lagnat, ubo, o hirap sa paghinga, tumawag sa (444) at humingi ng tulong medical

**Alinsunod sa Batas (34) ng 2018 na nagsasaad sa Public Health Law at sa mga kaugnay na desisyon, hindi bababa ng 3 buwang pagkakakulong at multa na hindi bababa sa BD 1,000 at hindi tataas sa BD 10,000 o alinman, ang ipapataw sa sinumang sasadyain na itago ang isang tao na may nakakahawang virus o sinumang sadyang manghawa ng virus sa ibang tao, o sinumang sadyang maging sanhi ng pagkalat ng virus sa ibang tao, o sinumang umiwas sa pagsasagawa ng mga hakbang para maiwasan ang pagkalat ng virus.**